# Pagiging Ganap kay Jesucristo

Basahin ang mga sumusunod na scripture reference. Maghanap ng mga parirala na nagpapalakas ng iyong kumpiyansa na matutulungan tayo ng Tagapagligtas na madaig ang ating mga kakulangan at maging higit na katulad Niya. Maaari kang gumawa ng listahan ng nalaman mo sa iyong study journal o sa likod ng handout.

Doktrina at mga Tipan 76:40–42

Eter 12:27

Moroni 10:32–33


Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Alamin kung ano ang magagawa natin upang madaig ang perpeksyonistang pag-iisip at magtuon sa pagiging mas mabuti sa pamamagitan ni Jesucristo. Maaari mong i-highlight ang mga parirala na namukod-tangi sa iyo.

Itinuro ni Elder Dieter F. Uchtdorf ng Korum ng Labindalawang Apostol kung ano ang inaasahan at hindi inaasahan ng Panginoon sa atin:



Hindi kailangan ng Diyos ang mga taong walang kamalian. Hinahanap Niya ang mga maghahandog ng kanilang mga "puso at may pagkukusang isipan" [Doktrina at mga Tipan 64:34], at gagawin Niya silang "ganap kay Cristo" [Moroni 10:32–33]. (Dieter F. Uchtdorf, "Five Messages That All of God's Children Need to Hear" [Brigham Young University Education Week devotional, Ago. 17, 2021], 3, speeches.byu.edu)

Ipinaliwanag ni Pangulong Russell M. Nelson kung ano ang magagawa natin kapag nakikita natin ang ating mga kakulangan:



Gawin natin ang lahat ng ating makakaya at sikaping magpakabuti pa bawat araw. Kapag nagkamali tayo, maaari nating sikaping itama ang mga ito. Maaari tayong maging mas mapagpatawad sa mga pagkakamali natin at ng mga minamahal natin. (Russell M. Nelson, "Perfection Pending," *Ensign*, Nob. 1995, 88)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_576-1